Ilang kandidato iprinoklama

IPRINOKLAMA na kahapon ng Commission on Election ang ilang nagwaging kandidato sa lokal na posisyon sa Metro Manila.

Sa Makati, mananatili sa puwesto si incumbent Mayor Abby Binay na tinalo ang kuyang si Junjun sa boto na 179,522 kontra 98,653. Wagi rin bilang vice mayor ang kapartido niyang si Monique Lagdameo.

Nanalo ang reelectionist mayor ng Las Piñas na si Imelda Aguilar at ang kanyang anak na si April na tumakbo bilang vice mayor.

Tagumpay naman sa Muntinlupa si Jaime "Jimmy" Fresnedi bilang mayor at Temy Simundac bilang vice mayor.

Sa Taguig, naiproklama na rin sina Lino Cayetano bilang mayor, hipag niyang si Lani bilang vice mayor, at kapatid niyang si Alan Peter bilang kongresista sa unang distrito.

Nanguna naman sa Parañaque sina incumbent Mayor Edwin Olivarez at Vice Mayor Rico Golez.

Sa Pasay, panalo sa pagka-mayor si Imelda "Emmie" Calixto-Rubiano, kapatid niyang si incumbent Mayor Antonio "Tony" Calixto bilang kongresista, at Boyet del Rosario bilang vice mayor.

Naiproklama na rin sina re-electionist Pateros Mayor Ike Ponce at Gerald German bilang vice mayor.

Quezon City, Pasig

Iprinoklama rin bilang mayor ng Quezon City ang kasalukuyang vice mayor na si Joy Belmonte. Kasabay niya si Gian Sotto na wagi bilang vice mayor. Naungusan nila ang team Bingbong Crisologo at Jopet Sison.

Landslide naman ang panalo bilang mayor ng Pasig si Vico Sotto kontra sa incumbent mayor na si Robert Eusebio. Wagi rin bilang vice mayor ang kapartido niyang si Roman Romulo.

Sa edad na 29, si Sotto ang magiging pinakabatang uupong mayor sa mga bagong halal sa Metro Manila.

Manila, San Juan

Naiproklama na rin kagabi si Isko Moreno bilang bagong alkalde ng Maynila matapos talunin ang incumbent at dating Pangulo na si Joseph Estrada.

Bago ito ay nag-concede na rin si Estrada.

"We've done our best, I did my best…we have to accept. There is the saying that the voice of the people is the voice of God," pahayag ni Estrada.

Sa San Juan, natalo rin ang apo ni Estrada na si Janella, anak ni Jinggoy Estrada, bilang alkalde. Tinalo siya ni Francis Zamora, anak ng dating kaalyado ni Estrada na si Ronaldo Zamora na nanalo ring kongresista ng lungsod.

—Liza Soriano, Inquirer.net, Radyo Inquirer